DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES · USA

OFFICE FOR CIVIL RIGHTS

# ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAGKAPRIBADO NG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Karamihan sa atin ay nakakaramdam na ang ating impormasyong pangkalusugan ay pribado at dapat panatiliing protektado. Iyon ang dahilan kung bakit may batas pederal na nagtatalaga ng mga patakaran para sa mga tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan at tagaseguro ng kalusugan tungkol sa kung sino ang maaaring makakita at makatanggap ng ating impormasyon sa kalusugan.. Ang batas na ito na tinatawag na Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA), ay nagbibigay sa iyo ng mga karapatan patungkol sa iyong impormasyong pangkalusugan, kasama ang karapatan na kumuha ng kopya ng iyong impormasyon, siguruhing ito ay tama, at alamin kung sino ang nakakita rito.

## Kunin Ito.

Maaari kang humiling na mabasa o makakuha ng kopya ng iyong medikal na talaan at ibang impormasyong pangkalusugan. Kung nais mo ng isang kopya, maaaring kailanganin mong isulat ang iyong kahilingan at bayaran ang gastos ng pagkopya at pagpapadala. Kadalasan, ang iyong mga kopya ay kailangang maibigay sa iyo sa loob ng 30 araw.

## Suriin Ito.

Maaari mong hilingin na baguhin ang anumang maling impormasyon sa iyong talaan o magdagdag ng impormasyon sa iyong talaan kung sa palagay mo ay mayroong nawawala o hindi kumpleto. Halimbawa, kung ikaw at ang iyong ospital ay sumasang-ayon na ang iyong talaan ay may maling resulta para sa isang pagsusuri, dapat itong palitan ng ospital. Kahit na naniniwala ang ospital na ang resulta ng pagsusuri ay tama, mayroon ka pa ring karapatan na ipatala ang hindi mo pagsang-ayon sa iyong talaan. Kadalasan, ang talaan ay dapat ma-update sa loob ng 60 araw.

## Alamin Kung Sino Ang Nakakita Nito.

Ayon sa batas, ang iyong impormasyong pangkalusugan ay maaaring gamitin at ipamahagi sa ilang mga partikular na dahilan na hindi direktang nauugnay sa iyong pangangalaga, tulad ng pagtitiyak na ang mga doktor ay magbigay ng mabuting pangangalaga, pagtitiyak na ang mga nursing home ay malinis at ligtas, inuulat kapag ang trangkaso ay nasa inyong lugar o gumagawa ng ulat na kinakailangan ng estado o pederal na batas. Sa karamihan ng mga kasong ito, iyong makikita kung sino na ang nakakita sa iyong impormasyon pangkalusugan. Maaari mong:

- **Alamin kung paano ginagamit ang iyong impormasyong pangkalusugan at ibinabahagi ng iyong doktor o tagaseguro ng kalusugan.** Sa pangkalahatan, ang iyong impormasyong pangkalusugan ay hindi magagamit para sa mga layunin na hindi direktang nauugnay ng pangangalaga sa iyo nang walang pahintulot mo. Halimbawa, hindi ito maaaring ibigay ng iyong doktor sa iyong pinagtatrabahuhan, o ibahagi ito para sa mga bagay katulad ng pagmemerkado at patalastas nang wala kang nakasulat na pahintulot. Maaaring nakatanggap ka ng abiso na nagsasabi sa iyo kung paano maaaring gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan sa una mong pagbisita sa bagong tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan o kapag kumuha ka ng bagong segurong pangkalusugan, ngunit maaari kang humingi ng isa pang kopya sa anumang oras.

- **Ipaalam sa iyong mga tagapagbigay-pangangalaga o mga kompanya ng segurong pangkalusugan kung may impormasyon na hindi mo nais ibahagi.** Mahihiling mo na ang iyong impormasyong pangkalusugan ay hindi ibahagi sa mga ilang tao, mga grupo o mga kompanya. Halimbawa, kung pumunta ka sa isang klinika, maaari mong hilingin sa doktor na huwag ibahagi ang iyong mga medikal na talaan sa ibang mga doktor o mga nurse sa klinika. Maaari mo ring hingin na huwag sabihin ng iyong tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan o parmasya sa kompanya ng iyong seguro sa kalusugan ang tungkol sa pangangalaga na iyong tinatanggap o mga gamot na iyong iniinom, kung iyong binabayaran ang pangangalaga o ang mga gamot nang buo at ang tagapagbigay o parmasya ay di kinakailangang bayaran ng iyong kompanya ng tagaseguro. Bilang panghuli, maaari kang humingi ng ibang mga uri ng restriksiyon, ngunit hindi sila kinakailangang laging sumang-ayon na gawin ang iyong hinihiling, lalo na kung makaka-apekto ito sa iyong pangangalaga.
- **Hilingin na maabot sa ibang lugar maliban sa tahanan.** Maaari kang gumawa ng mga makatwirang hiling upang makipag-ugnayan sa ibang lugar o sa ibang paraan. Halimbawa, maaari mong hilingin na tawagan ka ng nars sa iyong opisina sa halip na sa iyong bahay o padalhan ka ng sulat sa loob ng sobre sa halip na sa postcard.

Kung sa palagay mo ay ipinagkakait ang iyong mga karapatan o ang iyong impormasyong pangkalusugan ay hindi pinoprotektahan, may karapatan kang magsampa ng isang reklamo sa iyong tagapagbigay-pangangalaga, tagaseguro ng kalusugan, o sa U.S. Department of Health and Human Services.

Para mas malaman pa ang tungkol sa iyong mga karapatan sa pagkapribado ng impormasyon sa kalusugan, bumisita sa **www.hhs.gov/ocr/privacy.**

For more information, visit **www.hhs.gov/ocr**.

U.S. Department of Health & Human Services
Office for Civil Rights